



**Mga Madalas Itanong (FAQ): Contact Tracing para sa COVID-19
Sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager
Na-update noong Agosto 4, 2020**

Ang Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) na ito ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post sa <http://www.sfdcp.org>. Puwedeng magbago ang impormasyon.

AUDIENCE: Mga administrator at liaison para sa COVID-19 sa mga paaralan, programa para sa childcare, day camp, paaralan, at iba pang programa para sa mga bata at teenager.

Buod ng Mga Pagbabago mula sa 06/29/2020 na Bersyon

- Na-update na kahulugan ng mga close contact
- Pagdaragdag ng template para sa form na “Mga Close Contact”

BACKGROUND: Kapag nagkaroon ng kaso ng COVID-19 sa paaralan, programa para sa childcare, o iba pang programa para sa mga bata at teenager, makikipagtulungan ang SFDPH sa programa para matukoy ang mga taong posibleng naimpeksyon ng indibidwal na may COVID-19. Pagkatapos noon, tutulungan ng SFDPH ang mga taong iyon na magpasuri at mag-quarantine sa bahay para hindi sila makahawa ng iba. Ang prosesong ito, na tinatawag na contact tracing, ay napakahalaga sa pagpigil sa pagkalat ng impeksyong dulot ng COVID-19

| Mga Nakakatulong na Kahulugan | |
|-------------------------------|--|
| Nakakahawa | Taong may kakayahang ipasa ang virus na nagdudulot ng COVID-19 sa ibang tao. Itinuturing na nakakahawa ang mga taong may COVID-19 2 araw matapos magsimula ang kanilang mga sintomas, hanggang sa 10 araw pagkatapos magsimula ng mga ito, kung ipagpapalagay na gumaling sila pagkalipas ng 10 araw. Kung walang sintomas ang isang taong may COVID-19, itinuturing silang nakakahawa 2 araw matapos nilang magpositibo sa pagsusuri, hanggang sa 10 araw pagkatapos ng positibong pagsusuri na iyon. |
| Nalantad | Taong malapitang nakasalamuha ng taong may nakakahawang COVID-19, sa puntong puwede ring siyang maimpeksyon. |
| Close Contact | Taong nakisalamuha sa isang indibidwal na may COVID-19 nang may layong wala pang 6 na talampakan, sa loob ng 15 minuto, sa panahong nakakahawa ang taong may COVID-19. Para sa mga pod/grupo ng mga batang wala pang 12, itinuturing ng SFDPH ang lahat ng bata at tauhang magkakasama sa isang grupo bilang mga close contact. |
| Pag-quarantine | Isinasagawa ang pag-quarantine para mailayo sa ibang tao ang mga indibidwal na nalantad sa COVID-19, habang hindi tiyak kung naimpeksyon sila. Pagkatapos malantad ng isang tao sa COVID-19, dapat siyang manatili sa bahay at lumayo sa |



| | |
|--------------------|--|
| | ibang tao sa loob ng inirerekomendang panahon, na karaniwang 14 na araw matapos ng pinakamakailan niyang pagkakalantad, para malaman kung magkakasakit o kung nakakahawa siya. |
| Pag-isolate | Isinasagawa ang pag-isolate para mailayo sa ibang tao ang mga indibidwal na may COVID-19, habang nakakahawa pa sila. |

Mga Madalas Itanong

Ano ang contact tracing at bakit ito mahalaga?

- Ang contact tracing ay isang proseso kung saan
 - Inaalam kung sino ang mga naging close contact ng isang taong may COVID-19,
 - Inaabisuhan silang *posibleng* naimpeksyon sila ng COVID-19, at
 - Sinasabihan silang mag-quarantine at tinutulungan sila sa mga mapagkukunan, pati na rin kung paano magpasuri.
- Mahalaga ang contact tracing dahil madaling naipapasa ang COVID-19 sa pagitan ng mga tao. Puwedeng mapabagal o mapigilan ang pagkalat na ito sa pamamagitan ng paglalayo ng mga taong posibleng naimpeksyon sa ibang tao.
- Kadalasan, nagsisimula ang contact tracing sa pakikipag-usap sa taong may COVID-19 para malaman ang lahat ng naging close contact niya sa panahong nakakahawa siya.
- Kung minsan, nakakatulong na makipag-usap sa iba pang tao, bukod sa taong may impeksyon, para makakuha ng impormasyon tungkol sa kung sino ang kanyang mga naging close contact.
- Ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH) ay may team sa Pag-iimbestiga ng Kaso at Contact Tracing. Sa tuwing may nagpopositibo sa pagsusuri para sa COVID-19 sa San Francisco, nakikipag-ugnayan ang nasabing team sa indibidwal, at sa ibang tao kung kinakailangan, para malaman kung sino ang kanyang mga naging close contact. Pagkatapos ay nakikipag-ugnayan ang team sa bawat close contact para matiyak na ligtas silang nagka-quarantine at magagawa nilang magpasuri.

Ano ang proseso ng contact tracing kung may kaso ng COVID-19 sa paaralan, childcare, camp, o iba pang programa para sa mga bata at teenager?

- Tatalakayin ng SFDPH at ng administrator ng lugar o ng liaison para sa COVID-19 sa programa kung sino ang posibleng nalantad.
- Kakapanayamin ng SFDPH ang taong may COVID-19, o ang kanyang pamilya kung bata ang nagpositibo, para malaman kung sino ang puwedeng nailantad niya sa COVID-19.
- Makikipag-ugnayan ang pangasiwaan ng lugar sa programa sa mga taong posibleng nalantad, gaya ng iniaatas ng SFDPH, para ipaalam sa kanila na may tatawag sa kanilang Contact Tracer mula sa SFDPH sa lalong madaling panahon. Sa ganitong paraan, walang magugulat o maghihinala kapag nakatanggap sila ng tawag.



- Ibibigay sa Team sa Contact Tracing ng SFDPH ng pangasiwaan ng lugar sa programa ang mga pangalan, numero ng telepono, at iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga taong posibleng nalantad. Tingnan ang halimbawang form na nakalakip sa ibaba.
- Tatawagan ng Team sa Contact Tracing ng SFDPH ang mga taong posibleng nalantad (ibig sabihin, mga tauhan, bata, o kanilang mga magulang). Tutulungan ng team ang mga taong maunawaan kung ano ang dapat asahan at susunod na gagawin. Ire-refer nila ang mga tao sa pagsusuri para sa COVID-19 at sa mga mapagkukunang makakatulong sa kanilang mag-quarantine.

Paano pinoprotektahan ng Contact Tracing ang pagkakakilanlan ng taong nagpositibo sa COVID-19?

- Dapat protektahan ng Contact Tracing ang pagiging kumpidensyal ng taong may COVID-19. Iniaatas ito ng Batas sa Portability at Accountability ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Portability and Accountability Act, HIPAA).
- Kinakailangan ng pangasiwaan ng lugar na alamin ang pagkakakilanlan ng taong may COVID-19 para makapagsagawa ng mga hakbang na poprotekta sa ibang tao.
- Hindi ihahayag ng SFDPH ang pagkakakilanlan o mga personal na detalye ng taong may COVID-19 sa ibang tauhan o pamilya na kinausap tungkol doon. Sasabihan ang mga pamilya na nalantad ang kanilang anak sa isang taong may COVID-19, pero hindi sasabihin kung kanino siya nalantad.

Bilang administrator ng lugar, ano ang responsibilidad ko?

- Sumangguni sa gabay ng SFDPH na *“Para sa Mga Negosyo at Organisasyon sa Komunidad na Hindi Nauugnay sa Pangangalagang Pangkalusugan: Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho”* sa <https://www.sfcdcp.org/covid19>
- Makipagtulungan sa SFDPH sa pagtukoy ng mga close contact. Hihilingin ng SFDPH sa pangasiwaan ng lugar na magsumite ng listahan ng mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng close contact. Para sa tulong, makipag-ugnayan sa Schools-childcaresites@sfdph.org.
- Kapag natukoy na ang mga close contact sa pakikipagtulungan sa SFDPH, ipadala ang lahat ng close contact sa *“Close Contacts Advisory (Paunawa sa Mga Close Contact)”* at *“Isolation and Quarantine Packet (Packet sa Pag-isolate at Pag-quarantine)”* sa <https://www.sfcdcp.org/covid19>
- Sumangguni sa sumusunod na grid ng mga sitwasyon para sa pangkalahatang-ideya ng mga kinakailangang pagkilos: *“Ang dapat gawin kung pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 ang isang tao: Mabilisang Gabay para sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager”* sa <https://sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare>

Sino ang mga karaniwang close contact sa mga programa para sa mga bata at teenager?

- Para sa mga pod o grupo ng mga batang wala pang 12 taong gulang, itinuturing na close contact ang lahat ng tauhan at batang ka-pod o kagrupong taong may COVID-19.
- Kasama rin sa close contact ang mga taong kasama sa bahay, nag-aalaga sa, o inaalagaan ng taong may COVID-19. Kasama rito ang mga kapatid, iba pang kapamilya, at tagapag-alaga.



- Ang mga close contact ay kinabibilangan din ng mga nakakasama sa sasakyan, nakakasabay kumain, at nakakasalamuha sa labas ng programa.

Sino ang kailangang mag-quarantine kapag may nagpositibo sa COVID-19?

- Ang lahat ng naging close contact ng taong may COVID-19 ay dapat mag-quarantine sa loob ng 14 na araw, matapos nilang huling malantad sa naturang indibidwal.
- Dapat ding magpasuri ang lahat ng close contact. Luugnay ng Team sa Contact Tracing ng SFDPH ang mga close contact sa pagsusuri. Gayunpaman, hindi mapapaikli ng pagpapasuri para sa COVID-19 sa panahon ng pag-quarantine ang 14 na araw na pag-quarantine. Ito ay dahil puwedeng magnegatibo ang indibidwal sa mga unang yugto ng kanyang impeksyon.
- Magsasagawa ang SFDPH ng pagsusuri sa panganib, pati ng mga panayam sa taong may impeksyon at posibleng sa ibang tao rin. Kasama ang pangasiwaan ng lugar, aalamin ng SFDPH kung sino ang close contact at dapat mag-quarantine.
- Tandaan: kakailanganin din ng taong may impeksyong dulot ng COVID-19 na manatili sa bahay at lumayo sa ibang tao sa loob ng hindi bababa sa 10 araw matapos magsimula ang kanyang mga sintomas (o kung wala siyang sintomas, sa loob ng hindi bababa sa 10 araw matapos nilang magpositibo sa pagsusuri).

Ano ang ibig sabihin ng pag-quarantine ng isang bata (na may edad na 12 pababa)?

- Dapat manatili sa bahay ang mga batang nagka-quarantine. Hindi sila puwedeng umalis ng bahay maliban kung para sa medikal na pangangalaga. Puwede silang pumunta sa mga pribadong outdoor na espasyo sa bahay na hindi ginagamit ng mga kapitbahay (ibig sabihin, pribadong bakuran). Hindi sila puwedeng pumunta sa mga parke, palaruan, o iba pang pampublikong espasyo. Hindi sila puwedeng pumasok sa paaralan, childcare, o iba pang programa para sa mga bata at teenager. Hindi sila puwedeng magkaroon ng mga playdate sa ibang bata sa kanilang bahay, o makipag-ugnayan sa mga taong hindi nila kasama sa bahay, gaya ng mga babysitter.

Sino ang itinuturing na may pangkalahatang panganib sa pagkakalantad?

- Magkaiba ang isang taong nasa pangkalahatang panganib sa pagkakalantad at pagiging isang close contact ng isang taong may impeksyon. Ang mga taong may pangkalahatang panganib sa pagkakalantad ay nasa lugar sa parehong araw, pero hindi natukoy ng SFDPH bilang mga close contact. Mas maliit ang posibilidad ng mga taong ito na maimpeksyon, kaysa sa mga close contact.
- Dapat pa ring ipaalam sa mga taong ito na kumpirmadong may COVID-19 ang isang tao sa paaralan, childcare, o programa, pero hindi sila natukoy bilang close contact.
- Dapat nilang subaybayan ang kanilang mga sarili para sa mga sintomas ng COVID-19, pero hindi nila kailangang mag-quarantine o magpasuri kung wala silang sintomas.



Mga Karagandang Mapagkukunan

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH)

- **Mga Paaralan at Hub ng Childcare ng SFDPH** para sa mga konsultasyon at gabay tungkol sa COVID-19
(415) 554-2830. Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan
Schools-childcaresites@sfdph.org
- Gabay tungkol sa COVID-19 para sa publiko, kasama ang mga paaralan at employer
<https://www.sfdcp.org/covid19>
- *Handout Para sa Magulang at Tagapag-alaga: Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas ang Iyong Anak.* Makakakita ng mga tagubilin para sa mga magulang tungkol sa mga screening para sa kalusugan at mga alituntunin sa pagbalik sa paaralan kung may mga sintomas ng COVID-19 ang kanilang anak sa
<http://sfdcp.org/covidschoolschildcare>
- *“Ang dapat gawin kung pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 ang isang tao: Mabilisang Gabay para sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager”*
sa <https://sfdcp.org/CovidSchoolsChildcare>
- *“Ang Dapat Gawin Kung May Nagpositibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho”*
<https://www.sfdcp.org/covid19> sa ilalim ng Mga Negosyo at Employer.
- *“Pag-alis sa Pagkaka-isolate o Pagbalik sa Trabaho para sa Mga Taong Kumpirmado o Pinaghihinalaang May COVID-19”*
<https://www.sfdcp.org/covid19/rtw>



HALIMBAWANG TEMPLATE: Listahan ng Mga Close Contact ng Kasong Kumpirmadong Nagpositibo sa COVID-19

Para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa San Francisco, tumulong na kolektahin ang mga pangalan ng mga close contact ng mga kasong kumpirmadong nagpositibo. Makikipag-ugnayan sa kanila ang SFDPH para mag-alok ng suporta at magbigay ng impormasyon tungkol sa paglimita sa pagkalat ng virus at pagsusuri. Makakatulong ang template na ito sa pagsasaayos ng impormasyon.

Mga Tagubilin: *Kumpletuhin ang impormasyon sa ibaba para sa bawat close contact na nauugnay sa paaralan o opisina. Ang close contact ay isang taong nakasalamuha ng indibidwal na may impeksyon nang may layong wala pang 6 na talampakan, sa loob ng hindi bababa sa 15 minuto, 2 araw bago magkasakit ang kaso (o para sa mga pasyenteng walang sintomas, 2 araw bago magpositibo o makolekta ang specimen ng kaso), hanggang sa mag-isolate ang pasyente. Kailangan lang ang pangalan ng magulang/tagapangalaga kung nag-aaral pa ang close contact. Para sa mga pod/grupo ng mga batang wala pang 12, itinuturing ng SFDPH ang lahat ng bata at tauhang magkakasama sa isang grupo bilang mga close contact.*

- Kapag tapos ka na, makipagtulungan sa iyong kinatawan ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) mula sa Hub ng Edukasyon para maisumite ang form na ito. Tumawag sa Hub ng SFDPH para sa Contact Tracing ng COVID-19 sa (628)217-6102 o magpadala ng secure na email sa trace@sfdph.org nang naka-cc sa schools-childcaresites@sfdph.org sa loob ng 24 na oras para ibigay ang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga natukoy na close contact.

Pangalan ng Lugar (paaralan o opisina):

Pangalan ng Kaso (Taong nagpositibo) at Petsa ng Kapanganakan:

| | Impormasyon ng Close Contact Pangalan, Apelyido | Pangalan, Apelyido ng Magulang/Tagapangalaga | Numero ng Telepono | Petsa ng Kapanganakan | Lungsod o County na Tinitirhan |
|----|---|--|--------------------|-----------------------|--------------------------------|
| 1 | | | | | |
| 2 | | | | | |
| 3 | | | | | |
| 4 | | | | | |
| 5 | | | | | |
| 6 | | | | | |
| 7 | | | | | |
| 8 | | | | | |
| 9 | | | | | |
| 10 | | | | | |
| 11 | | | | | |
| 12 | | | | | |
| 13 | | | | | |
| 14 | | | | | |
| 15 | | | | | |
| 16 | | | | | |
| 17 | | | | | |
| 18 | | | | | |



**San Francisco
Department of Public Health**

Gabay

| | | | | | |
|----|--|--|--|--|--|
| 19 | | | | | |
| 20 | | | | | |

** Magdagdag ng higit pang row kung kinakailangan*